1

# Lingguhang Aralin sa GMRC

Kuwarter 1

Linggo 6

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Gawaing Pampagkatuto sa GMRC 1**
**Kuwarter 1: Linggo 6**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Kagawaran ng Eduaksyon – NCR sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 85229412 o pagpapadala ng email sa ncr@deped.gov.ph.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Patnugot: Sara Z. Duterte
Ikalawang Patnugot: Gina O. Gonong

**Bumuo ng Materyal**

**Manunulat:** ANALINE C. VERGARA
**Tagasuri:** NIMFA A. HERNAEZ / PRECIOSA N. CABINBIN
**Tagaguhit**
**Tagalapat:** ALDRIN B. MARCELO

**JOCELYN DR ANDAYA,** *CESO IV*, Director IV
**CRISTITO A. ECO,** *CESO III*, Assistant Regional Director
**MICAH G. PACHECO**, OIC-Chief Education Program Supervisor, CLMD
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional LR Education Program Supervisor
**ROLAND MONTES**, GMRC Regional Education Program Supervisor
**NORMINA B. HADJI YUNNOS**, LR Education Program Supervisor



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| MATATAG Kto10 Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | 1 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | GMRC |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | Ika-anim na Linggo | Kuwarter: | Unang Markahan |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa sariling pagpapahalaga sa mga yaman mula sa kapaligiran | | | |
| *B. Pamantayan sa Pagganap* | Naisasagawa ng mag-aaral ang pagbabahagi ng mga yaman na mula sa kapaligiran upang malinang ang pagiging mapagpasalamat. | | | |
| *C. Lilinanging Pagpapahalaga* | Mapagpasalamat (Grateful) | | | |
| *D. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | a. Naipakikita ang pagiging mapagpasalamat sa pamamagitan ng pag-iingat ng mga yaman mula sa kapaligiran .<br>b. Nakakikilala ng mga paraan ng pag-iingat sa mga yaman mula sa kapaligiran<br>c. Naiuugnay na ang sariling paraan ng pag-iingat sa mga yaman mula sa kapaligiran ay pagpapasalamat sa mga biyayang tinatamasa<br>d. Naipapahayag ang pagpapasalamat sa mga yaman na mula sa kapaligiran | | | |
| *E. Mga Layunin* | Naipakikita ang pagiging mapagpasalamat sa pamamagitan ng pag-iingat ng mga yaman mula sa kapaligiran. | Nakikilala ang mga paraan ng pag-iingat sa mga yaman mula sa kapaligiran | Naiuugnay na ang sariling paraan ng pag-iingat sa mga yaman mula sa kapaligiran ay pagpapasalamat sa mga biyayang tinatamasa | Naipapahayag ang pagpapasalamat sa mga yaman na mula sa kapaligiran |
| *F. Disensyong Instruksyunal* | Inclusive, Creativity | Collaborative | Collaborative, Decision Making (SEL), Critical Thinking | Collaborative, Empathy, Creativity |
| *G. 21st Century Skills* | Communication Skills (Interpersonal Skills) | Communication Skills (Interactive) | Communication Skills (Interactive, Teamwork) | Communication Skills (Interactive) |
| *H. Integrasyon* | Science | Science | Science | Science |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| II. NILALAMAN/PAKSA | Sariling Pagpapahalaga sa Mga Yaman mula sa Kapaligiran | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |
| *A. Mga Sanggunian* | Matatag K-10 Curriculum Guide | Matatag K-10 Curriculum Guide | Matatag K-10 Curriculum Guide | Matatag K-10 Curriculum Guide |
| *B. Iba pang Kagamitan* | Larawan 1<br>sa DepEd Commons<br>Larawan ng mga likas na yaman, Worksheets<br>TV Monitor<br>"Likas na Yaman"<br>https://www.youtube.com/watch?v=fHjSe1HZM9Y | *TV Monitor*<br>"Likas na Yaman"<br>https://www.youtube.com/watch?v=fHjSe1HZM9Y | Larawan ng punom<br>*DepEd Commons* | *TV Monitor*<br>*Masdan mo ang Kapaligiran*<br>*masdan mo ang kapaligiran (youtube.com)* |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Panimulang Gawain* | Tumawag ng isang bata para manguna sa maikling panalangin.<br><br>Itanong: Ano-ano ang ipinagpapasalamat ninyo ngayong araw? | Ipaawit sa mga bata ang "Likas na Yaman" sa tono ng Leron Leron Sinta.<br><br>Ayon sa awit ano-ano ang mga likas na yaman?<br><br>Dapat ba natin itong pahalagahan at ipagpasalamat? | *Ano-ano ang mga paraan ng pag-iingat sa mga yaman mula sa kapaligiran?*<br><br>*Nakasali na ba kayo sa mga gawaing paglilinis o pagtatanim ng mga halaman sa inyong komunidad?*<br><br>Pakikinig ng isang kwentong pinamagatang "Kasali Ako!' | Ipanood at iparinig sa mga bata ang "Masdan mo ang Kapaligiran"music Video:<br><br>1. Tungkol saan ang awit?<br>2. Ayon sa awitin,ano ang masasabi sa hangin at ilog?<br>3. Bakit kaya naging kulay itim ang tubig sa dagat?<br>4. Ayon sa awit, may pag-asa pa bang magiging malinis ang ating kapaligiran? |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | Kasali Ako<br>*Nabalitaan ng mga pamilya Santos na magkakaroon ang kanilang komunidad ng Clean and Green Contest. Naisipan ng magkapatid na sina Bella at Mario na sumali sa paligsahan. Kaya naman,niyaya niya ang kanilang mga pinsan, kaibigan amga kamag-aral na sumali sa nasabing Clean and Green Contest.*<br><br>*Naghanda sila ng mga kagamitan sa paglilinis tulad ng walis,pandakot at basurahan. Gayundin, ang iba ay nagdala ng mga halaman at gulay na itatanim sa lata, paso at mga plastic bottles. Sinimulan na nila ang gawain, masaya ang lahat sa kanilang pakikiisa sa mga gawain sa nasabing paligsahan. Dahil sa kanilang ipanakitang pagakakakisa sila ang* | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | *nagwagi sa paligsahan ng Clean and Geen Contest.*<br><br>Sa kwentong inyong napakinggan,ano ang kanilang mga itinanim?<br><br>Sa inyong palagay ano ang kahalagahan ng pagatatanim ng puno at halaman?Ano bang mga biyaya ang nakukuha natin dito? | |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin* | Sa araling ito, matututunan ninyo kung paano  maipakikita ang pagiging mapagpasalamat sa pamamagitan ng pag-iingat ng mga yaman mula sa kapaligiran. Magpakita ng larawan. | Sa araling ito, makikilala ninyo ang mga paraan ng pag-iingat sa mga yaman mula sa kapaligiran.<br><br>Pakikinig ng isang kwentong pinamagatang<br><br>"Ang Karanasan nila Mario at Bella"<br><br>(Gumamit ng mga larawan o video habang nagkukwento) | Sa araling ito, ating iugnay sa mga biyayang nakukuha sa likas na yamang kapag inalagaan ang kapaligiran.<br><br>Pagsasadula: Mayroon pa*contest* tungkol sa pangangalaga ng kapaligiran.<br><br>Gabayan ang mga bata sa pagiisip ng maari nilang magawa kung sasali. Bumuo ng | Sa pagtatapos ng ating aralin sa linggong ito, matututunan ninyong ipahayag o isagawa ang pagpapasalamat sa mga yaman na mula sa kapaligiran.<br><br>**Gawain 1:**<br><br>**Panuto:** Buuin ang pinutol na bahagi ng awiting "Masdan mo ang kapaligiran," gamit ang mga larawan piliin ang angkop na sagot. Isulat ang letra ng iyong sagot sa patlang. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

DEPARTMENT OF EDUCATION

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ➢ Ano ang nakikita sa larawan?<br>➢ Maganda ba ang iyong nakikita?<br>➢ Sino sa inyo ang nakapasyal na sa ibang lugar?<br><br>Pakikinig ng isang kwento<br>(Gumamit ng mga larawan ng bawat yaman ng kalikasan habang binabanggit sa kuwento.)<br><br>Sina Mario at Bella<br><br>*Sabado ng umaga, nagkayayaan ang mag-anak na Santos na dalawin ang kanilang lolo at lola sa probinsiya ng Luguna.Tuwang-tuwa ang magkapatid na sina Mario at Bella dahil sa unang pagkakataon ay makakapasyal na sila sa lugar ng kanilang* | Maagang gumising ang magkapatid na sina Mario at Bella. Masaya sila dahil ipapasyal sila ng kanilang lolo at lola sa Zoo. Pagdating nila sa zoo nakita nila ang maraming hayop, may nakakulong at may mga naglalakad sa damuhan katulad ng pato. Malaya ding lumilipad ang ibang ibon. Nagbigay kulay sa lugar ang magagandang bulaklak at malalaking puno. Kahit saang lugar sa Zoo ay may mga nakapaskil na babala katulad ng ”Huwag batuhin ang mga hayop.” Itapon ang kalat sa tamang basurahan. Huwag putulin ang mga sanga. Huwag pitasin ang mga bulaklak.Panatilihing malinis ang paligid at lugar na may tubig. Wika nila lolo at lola dapat ingatan ang mga yaman mula sa kapaligiran upang mapangalagaan ang | pangkat na may 5-7 tauhan.<br>Bigyan ng panahon at tawagin ang pangkat na handang magpakita ng gagawin.<br><br>- | Bilang bata, paano mo maipapahayag ang pasasalamat kung ganito ang nangyayari sa paligid?<br><br>Hal. Ang tubig na marumi.<br><br>(Inaasahang sagot)<br><br>Hindi ako magtatapon ng basura sa ilog. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *lolo at lola. Habang sila ay nakasakay sa bus, masaya nilang pinagmamasdan ang mga nadadaanang puno, halaman, bundok, makukulay na bulaklak at mga ibong lumilipad. Masayang nagpapasalamat ang magkapatid habang kinukuhanan ng litrato ang mga tanawin.*<br><br>*Nang makarating sila sa bahay ng kanilang lolo at lola ay tuwang-tuwa na ikinuwento nila Mario at Bella ang kanilang mga nakita sa daan. " Masaya palang manirahan sa probinsiya" wika nina Mario at Bella.*<br><br>Tanong:<br>1. Sino ang nagkakayayaan na mamasyal sa probinsiya ng Laguna?<br>2. Saan probinsiya sila namasyal? | mga ito. Sumunod sila sa mga nakasulat na direksyon habang namamasyal kaya ligtas silang nakauwi. Nagpapasalamat sila sa magandang karanasan sa kanilang pamamasyal. Umuwi silang may ngiti sa labi.<br><br>Tanong:<br>1. Sino ang magkapatid sa kwento.<br>2. Bakit sila maagang gumising?<br>3. Ano-ano ang mga likas na yaman ang nakita nila sa Zoo?<br>4. Ano kaya ang natutunan nila sa kanilang pamamsyal sa Zoo?<br>5. Katulad nila Mario at Bella naranasan niyo na din ba ito?<br>Bilang pasasalamat dapat ba nating ingatan ang mga yaman mula sa kapaligiran?Bakit? | | |




Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 3. Ano-ano ang mga nakita nina Ella at Bella habang sila ay nakasakay sa bus?<br>*-mga puno*<br>*-halaman*<br>*-bundok*<br>*-makukulay na mga bulaklak*<br>*-mga ibon*<br>4. Masaya ba sila sa kanilang nakikita? Bakit ninyo nasabi? | | | |
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin* | **Gawain 1**<br>"Picture in a box"<br>Bubunot ang ilang bata ng mga larawan sa nakalagay sa kahon at sasabihin kung anong ngalan ng larawan ang kanilang nabunot.<br>*(larawan ng bulaklak, puno, dahon, ibon at bundok at ilog o dagat)* | **Gawain 1**<br>*Round robin Activity*<br>Gabayan ang mga bata na bumuo ng bilog. (5 - 6) ang bubuo. Ganyakin silang magbahagi nag ginagawa na sa kanilang bahay, bakuran at paligid. Maaaring sabayan ng tugtog.<br>Iikot ang guro sa bawat bilog bilang patnubay. | **Gawain 1**<br>Gamit ang *semantic web,* iugnay ang mga biyayang tinatamasa mula sa puno. Isulat o iguhit sa loob ng bilog. | **Gawain 2:**<br>Panuto:<br>Lagyan ng tsek(/) kung nagpapahayag ng pasasalamat sa kapaligiran at ekis(x) kung hindi ang mga sumusunod:<br>_____1. Pagtatanim ng mga puno at halaman.<br>_____2. Pagtatapon ng dumi sa ilog. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *Ano ang tawag sa mga nakita ninyong larawan?*<br><br>*Ano ang dapat ninyong gawin sa mga bagay na ito?* | Kung kinakailangan maaaring mag display ang guro sa bulletin board ng mga pangagalaga sa kapaligiran bilang *tip* sa mga nagbabahagi. |  | _____3. Pagtatapon ng basurahan sa tamang lagayan.<br><br>_____4. Pagsunod sa mga babala at paskil sa Zoo at pampublikong lugar.<br><br>_____5. Paghihiwalay ng mga basurang nabubulok at hindi nabubulok. |
| | | | | |
| *Pagbasa sa Mahahalagang*<br>*Pag-unawa/Susing Ideya* | Ipabasa sa isang bata nang malakas. Sunod, ay ipabasa sa lahat.<br><br>*Ang mga puno, halaman, bulaklak, hayop, bundok, at dagat ay mga yaman mula sa kapaligiran.*<br><br>*Pagpapasalamat* (gratitude)- ang paghanga o pagbibigay halaga sa mga bagay sa kapaligiran at sa naglikha nito.<br>*Pag-iingat*- ang paggamit at pag-aalaga ng mga bagay, halaman, hayop at | Ipabasa ang mga sumusunod na kaisipan.<br><br>Ang pag*recycle* ay pagbuo ng bagong bagay mula sa patapong bagay.<br><br>*Reuse* ang tawag sa paggamit muli na patapong bagay na maaari pang gamitin.<br><br>Ang pagtatanim ng puno at pag-aalaga ng hayop ay nakakatulong sa | Alam ba ninyo na may mga biyaya tayong tinatamasa kapag tayo ay nagtanim ng mga gulay, puno at halaman gayundin ang pag-aalaga ng mga hayop?<br><br>-Sa pagtatanim ng mga gulay tulad ng kamatis,talong,pechay, sitaw at kalabasa at iba pa,ito ay ilan lang sa mga biyayabg tinatamasa natin mula sa ating kapaligiran | Ipabasa.<br><br>Kailangan ating ipahayag ang pagpapasalamat sa mga yaman na mula sa kapaligiran.<br><br>Ang pag-aalaga sa kapaligiran tulad ng pagtatanim, pag-aalaga ng hayop, paglilinis at hindi pagtapon ng basura kung saan saan ay pagpapahayag ng pasasalamat sa mga yaman na natanggap natin. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | lugar upang manatiling maganda ang kapaligiran. | pag-aalaga ng kapaligiran. | -Sa pagtatanim naman ng mga puno,nakakakuha tayo ng mga prutas tulad ng mangga,papaya,saging at marami pang iba ito ay biyayang tianatamasa natin mula sa kapaligiran.<br>- Sa pag-aalaga ng hayop tulad ng manok nakakakuha tayo ng itlog,sa baka ay gatas at karne at iba pang mga hayop.<br>- Dapat nating ingatan ang mga yaman mula sa kapaligiran at ipagpasalamat sa mga biayyang tinatamasa natin. | |
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | **Gawain 2:**<br>**Panuto:** Iguhit sa loob ng kahon ang mga yaman mula kapaligiran. | **Gawain 2:**<br>**Panuto:** Thumbs up kung wasto ang gawain na sinasabi sa sitwasyon, Thumbs | **Gawain 2**<br>**Panuto:** Kopyahin ang letra sa Hanay B na tinutukoy ng mga biyaya na tinatamasa | Pumapalakpak ng isang beses kung ito ay nagpapakita ng pagpapasalamat sa mga yaman mula sa kapaligiran |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 1. mga ibon na lumilipad<br>2. makukulay na mga bulaklak<br>3. matataas na puno<br>4.bundok<br>5. dagat o ilog na may isda | down naman kung ito ay di wasto.<br>1. Magtulong-tulong sa paglilinis sa kapaligiran.<br>2. Magtanim ng mga puno at ibat-ibang halaman sa mga parke.<br>3. Bunutin ang mga halaman sa paligid ng paaralan.<br>4. Pitasin ang mga bulaklak kahit na ipinagbabawal ito.<br>5. Ilagay ang kalat sa tamang basurahan. | ninyo mula sa likas na yaman na nasa Hanay A.<br>Hanay A<br>1. larawan ng puno ng kamatis<br>2. larawan ng puno<br>3. larawan ng baka<br>4. larawan ng dagat<br>5. larawan ng malinis na paligid<br><br>Hanay B<br>A. karne<br>B. isda<br>C. gulay<br>D. ligtas sa sakit<br>E. sariwang hangin | at huwag pumalakpak kung hindi.<br>1. Malinis na hangin.<br>2. Kulay asul na ilog.<br>3. Maruming kapaligiran.<br>4. Luntiang mga puno at halaman.<br>5. Maitim na usok sa paligid. |
| *Pagpapalalim ng Kaalaman*<br>*at Kasanayan sa Mahahalagang*<br>*Pag-unawa/Susing Ideya* | Bilang mag-aaral sa Grade 1, paano mo pasasalamatan at aalagan ang kapaligiran?<br>Itaas ang kamay kung ginagawa ninyo ang mga ito:<br>1. Nagdidilig ng halaman sa aming bakuran. | 1. Ano-ano ang mga paraan ng pag-iingat sa mga yaman mula sa kapaligiran?<br>Mga sagot:<br>- Pagrecycle<br>- Pagtitipid ng tubig | Ang mga puno ba ay nagbibigay ng sariwang hangin? Ano pa ang ibang naitutulong ng puno?<br><br>Itanong din ang tungkol sa iba pang likas na yaman sa kapaligiran | **Gawain 3.**<br><br>Panuto: Gumuhit sa kuwaderno ng isang larawang nagpapakita ng pagpapahalaga sa yaman ng kapaligiran.<br><br>Think-Pair and Share |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 2. Nagtatapon ng dumi sa mga ilog at daan.<br>3. Gumagamit ng tubig na pinaglabahan ng nanay para ipambuhos sa kubeta.<br>4. Sinisira ang mga halaman.<br>5. Sinasahod ang ulan para may magamit na panlinis at pandilig. | - Bawal pumitas ng mga bulaklak<br>- Bawal putulin ang mga puno.<br>- Pagtulong sa paglilinis ng kapaligiran.<br>- Pagtanim ng mga puno at halaman<br>- Pagalaga ng mga hayop. | kung ano ang naitutulong ng mga ito.<br><br>Maaaring magpaguhit sa kwaderno ng isang likas na yaman na nakatulong sa kanila na dapat ipagpasalamat. | Magpalitan ng karanasan kung paano nagpapakita ang kaklase ng pasasalamat sa yaman ng kapaligiran. |
| | | | | |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Paglalapat at Paglalahat* | Ang mga yamang likas mula sa kapaligiran ay ang mga bundok, puno, halaman, makukulay na bulaklak at mga hayop tulad ng mga ibon.<br><br>Dapat ba nating bigyan ng pagpapahalaga ang mga yaman mula sa kapaligiran?<br><br>Bilang bata paano mo gagawin ito? | **Gawain 3**<br>**Panuto**: Lagyan ng tsek (/) ang pangungusap kung ito ay nagpapakita ng tamang pag uugali sa mga yaman at ekis (X) naman kung hindi.<br>____1. Ihiwalay ang mga basurang nabubulok sa mga basurang hindi nabubulok.<br>____2. Gawin ang 'reuse at recycle' sa bahay.<br>____3. Hulihin at paglaruan ang mga paru-paro.<br>____4. Pagtatanim ng gulay at mga halaman.<br>____5. Pagtatapon ng basura sa tamang lagayan.<br><br>May yaman ang ating kapaligiran. Mga biyaya ito na pinakikinabangan.<br><br>Bilang isang batang tulad ninyo dapat ninyong ingatan at alagaan at | **Gawain 3**<br><br>**Panuto:** Kulayan ng berde 🟩 ang kahon kung ang sitwasyon ay nagpapakita ng tamang pag-uugali, pula 🟥 naman kung hindi.<br><br>☐ 1. Hinikayat nina Bella at Mario ang kanilang mga kaibigan na makibahagi sa programang 'Clean and Green' ng kanilang komunidad.<br><br>☐2. Mag-isang nagtanim si Mario ng puno sapagkat gusto niya na maunang matapos.<br><br>☐3. Nagtulungan ang lahat ng tao sa komunidad sa paglilinis at pagtatanim.<br><br>☐4. Pinagtawanan si Bella ng kanyang mga | Bilang bata, paano mo maipapahayag ang pasasalamat kung ganito ang nangyayari sa paligid?<br><br>Hal. Ang tubig na marumi.<br><br>Inaasahang sagot.<br><br>Hindi magtatapon ng basura sa ilog.<br><br>Ang Diyos ay biniyayaan tayo ng mayaman at malinis na paligid.Nararapat lamang na ating ipagpasalamat ang mga biyayang ating tinatamasang mga yaman mula sa kalipaligiran.<br><br>Tanda ng ating pasasalamat ay ang ang pagtulong na maging malinis ang ating kapaligiran. |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | ipagpasalamat sa Diyos ang mga yaman sa kapaligiran. | kalaro dahil puro putik ang kanyang damit.<br><br>☐5. Ang pakikiisa sa mga gawaing pangkalikasan ay nagpapakita ng pagpapasalamat sa mga biyayang tinatamasa natin.<br><br>Ano-ano ang mga biyayang tinatamasa natin mula sa kapaligiran tulad ng puno, halaman at mga hayop?<br><br>Ang mga biyayang tinatamasa natin mula sa kapaligiran ay dapat nating ipagpasalamat sa Diyos na lumikha.<br><br>Dapat din ba nating ipagpasalamat ang pagkakaroon ng pamilya,kaibigan at kamag-aral na tumutulong sa panganagalaga ng | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | yaman sa kapaligiran? | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagtataya ng Natutuhan* | **PAGTATAYA:**<br>**Panuto** : Buoin ang post card gamit ang mga ginupit na mga larawan. Kulayan ito, lagyan ng mensahe ng iyong pagpapasalamat. | **PAGTATAYA:**<br>**Panuto:** Iguhit ang masayang mukha ☺ kung ang larawan ay nagpapakita ng tamang pag iingat sa mga yaman mula sa kapaligiran at malungkot na mukha ☹ naman kung hindi.<br>1. Hindi pagtatapong basura sa ilog.<br>2. Pagtatanim ng puno at mga halaman.<br>3. Pagpitas ng mga bulaklak kahit ipinagbabawal ito.<br>4. Iligal na pagpuputol ng mga puno sa paaralan kahit<br>5. Pagpapakain sa mga alagang hayop | **PAGTATAYA:**<br>**Panuto:** Bilugan ang mga biyayang inatamasa mula sa kapaligiran.<br> | **PAGTATAYA:**<br>**Panuto:** Isulat ang **Tama** kung ang sitwasyon ay nagpapahayag ng pagpapasalamat sa mga yaman mula sa kapaligiran. **Mali** naman kung hindi.<br>__________ 1. Si Biboy ay nagtapon ng basura sa ilog.<br>__________ 2. Diniligan ni Katkat ang mga halamang tanim ni lola.<br>__________ 3. Binato ng bata ang ibon.<br>__________ 4. Nakiisa si Mario sa programang "Clean and Green" ng barangay.<br>__________ 5. Sinipa at hindi pinakainin ni Roel ang alaga niyang pusa. |
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | Gumuhit sa *bond paper* ng mga yaman mula sa kapaligiran ayon sa inyong natutunan. | Sagutin ang tanong at isulat sa kwaderno.<br>Anong natatanging yaman sa paligid ang iyong | Gumupit ng 3 larawan na dapat nating ipagpasalamat sa biyayang tinatamasa mula sa kapaligiran. | Bilang isang mag-aaral, pumili ng ipinag-papasalamat ninyong mga yaman mula sa kapaligiran. Iguhit ito sa inyong kwaderno. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | ipinagpapasalamat at iniingatan? Bakit? | Magpahayag ng pasasalamat sa pagkakaroon ng pamilya, kaibigan, at kamag-aral na tumutulong sa pangangalaga ng yamang pangkapaligiran. | |
| *Mga Tala* | | | | |
| *Repleksiyon* | 1.Paano ko ibinahagi sa mga bata ang aralin sa araw na ito.<br><br>2. Naisakatuparan ko ba ang layunin para sa araw na ito? | 1.Paano ko itinuro sa mga bata ang aralin sa araw na ito.<br><br>2. Naisagawa ko ba ang layunin para sa araw na ito? | 1. Paano ko itinuro sa mga bata ang aralin upang lubos nila itong maunawaan.<br>2.Naisagawa ko ba ang tiyak na layunin ng aralin? | Maganda ba ang naging bunga sa ugali ng mga bata ang aking pagtuturo sa araling ito? |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph